

## Ano ba ang mga uri ng reklamo na naaangkop para sa Complaint Resolution?

Mga reklamong:

- Hindi gaanong malubha.
- Walang paratang na may malubhang napinsala.
- Naglalaman ng mga isyu na hindi gaanong komplikado.

Halimbawa, sila'y maaaring tungkol sa:

- ***Kawalan ng Galang*** – kung paano nakipagkomunika o trinato ng isang pulis ang isang miyembro ng publiko.
- ***Pagpapabaya sa Tungkulin*** – kung saan hindi tinupad ng isang pulis ang kanyang tungkulin na dapat sana niyang kinompleto.
- ***Pag-abuso ng Awtoridad*** – mga alalahanin hinggil sa pag-aresto, pag-search at mga bahagya o banayad na paggamit ng pulis ng puwersa.

## Mga halimbawa ng mga resulta:

- Isang apology o pagpapaumanhin.
- Pag-amin na ang kilos ng pulis ay may naging epekto.
- Pagpalit-palitan ng mga perspektibo o pananaw.
- Training para sa pulis.

## Ano ba ang tungkulin ng OPCC?

*Sinisigurado namin na magkakaroon ng mga resolusyon na mabisa at may pananagutan.*

Sinisigurado ng OPCC na ang proseso ng resolusyon ay makatwiran at na ang mga resulta ay makahulugan para sa mga kalahok na partido.

Nirerebyu namin ang lahat ng mga reklamo, at kung naaangkop, hinihikayat namin ang mga tao na subukan ang Complaint Resolution para maresolba ang kanilang reklamo.

Makapagbibigay kami ng access sa community-based support services na makakatulong sa prosesong ito.

Nirerebyu ng OPCC ang bawat resolusyon para masigurado na ito'y naaangkop at sapat.

**Kontakin ang**

Tel: (250) 356-7458
Fax: (250) 356-6503
Tumawag nang toll-free/libre:
1-877-999-8707
Email: info@opcc.bc.ca

**Lokasyon**

2nd floor, 947 Fort Street
Victoria, British Columbia

**Mailing Address**

PO Box 9895, Stn Prov Govt
Victoria, BC V8W 9T8

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang aming website sa

**www.opcc.bc.ca**

[Filipino]

*Magkasamang humahanap ng solusyon*

OPCC
OFFICE OF THE POLICE COMPLAINT COMMISSIONER



# Complaint Resolution (Resolusyon sa Reklamo)

Isang may pananagutan at mabisang paraan para resolbahin ang mga reklamo sa pulis

Integridad, Nagsasarili, Makatwiran
www.opcc.bc.ca

## Ano ba ang ibig sabihin ng Complaint Resolution (Resolusyon sa Reklamo)?

Ito'y isang paraan para maresolba ang mga reklamong hindi gaanong malaki; pinahihintulutan nito ang mga kalahok na sumali sa pagkuha ng resulta para sa isang reklamo. Ang prosesong ito ay may pananagutan at ito'y mabisang paraan para maresolba ang mga reklamo sa pulis.

## Paano ba ito gumagana?

Ang Complaint Resolution ay kusang-loob at maaaring gawin kahit kailan sa panahon ng proseso ng pagrereklamo. Ang nagrereklamo at ang police officer ay dapat sumang-ayong makipagtulungan sa isang facilitator na tutulong sa mga partido na makarating sa isang resolusyon. Hindi ninyo kailangang magkita nang personal para lumahok. Kahit sino sa dalawa ay maaaring umatras mula sa proseso kahit kailan. Kapag ito'y nangyayari, patuloy na iimbestigahan ang reklamo.

Kung matagumpay ang proseso, ang lahat ng mga partido ay sasang-ayon sa isang resolusyon. Ang iminumungkahing resolusyon ay gagawin nang nakasulat, at kasama rito ang mga ispesipikong tadhana (mga resulta) ng resolusyon.





## Ano ba ang mga benepisyong makukuha ko gamit ang Complaint Resolution?

Ang proseso ng Complaint Resolution ay naka-katulong sa mga nagrereklamo at police officers. Sila'y parehong may pagkakataong magbahagi ng kanilang mga perspektibo at humanap ng common ground para maresolba ang insidente.

Ang Complaint Resolutions ay nag-aalok sa lahat ng malaking pagkakataon para matuto.

Ang iba pang advantages nito:

- Diretsong input para maresolba ang iyong reklamo.
- Makakakuha ka ng mga sagot sa iyong mga tanong.
- Mas mabilis na resolusyon sa iyong reklamo.
- Maisasama nito ang mga praktis o mga protocol na mahalaga sa iyong kultura.

Tumawag sa **1-877-999-8707** nang libre
o bisitahin ang visit **www.opcc.bc.ca**

## Mga positibong resulta

Ang prosesong ito ay nakatulong sa maraming mga tao sa pagtugon nila sa kanilang mga alalahanin. Eto ang ilan sa mga bagay na sinabi ng mga tao:

> *"Ang prosesong ito ay nakatulong sa akin na makuha muli ang aking kompiyansa sa pulis at sa department."*

> *"Nadama ko na ako'y pinakinggan."*

> *"Ang pinaka-kasiya-siya ay nang nakatanggap ako ng apology mula sa pulis at nang inamin niya na sana'y nakatugon siya nang mas mahusay."*

## Kompidensyal

Ang Complaint Resolution ay kompidensyal, kabilang na ang lahat ng mga komunikasyon at ang pinakahuling resolusyon.

